# Lovestruck

## Love Mo Siya, Sure Ka Ba?



Ronald Molmisa

OMF Literature Inc.
Manila, Philippines

All Scripture quotations, unless otherwise stated, are taken from the *Good News Bible: Today's English Version 2nd edition. GNB.*
Copyright © 1992 by The American Bible Society.
Used by permission. All rights reserved.

*LOVESTRUCK*
Copyright © 2010 by Ronald Molmisa

Cover design by Nixon Na
Cover illustration by Cyrop.com.
All illustrations, except in Acknowledgments and Chapter 1,
by Nixon Na
Typesetting by Marianne C. Ventura

Published (2010) in the Philippines by
OMF Literature Inc.
776 Boni Avenue
Mandaluyong City, Metro Manila
www.OMFLit.com

ISBN 978-971- 009-074-7

Printed in the Philippines

# Contents

Acknowledgments

Introduction

Chapter 1 In Love Ka ba Talaga? *9*

Chapter 2 Ang Tunay na TL *20*

Chapter 3 OK lang bang Makipag-date? *26*

Chapter 4 Rated: PG *39*

Chapter 5 Let's Talk about the "S" Word *53*

Chapter 6 In ba ang Maging "Out"? *71*

Chapter 7 Following the 6:14 Rule *78*

Chapter 8 Single-minded *85*

Endnotes

# Acknowledgments

Ang librong ito ay bunga ng pag-ibig ng Diyos at ng mga taong naging bahagi ng ministry ko.

Salamat sa lahat ng mga naging estudyante ko, lalo na ang mga mag-aaral ng Rizal High School-Pasig City at sa principal nito na si Miss Josephine Cruz. Binago ninyo ang buhay ko bilang guro at pastor.

Pagpupugay rin sa mga magulang ko (Nanay Cita at Tatay Boy) at mga biyenan (Tatay Hermie at Nanay Josie) na nagpapakita sa akin ng tunay na kahulugan ng pagmamahal sa pamilya. Sa aking mga "barakong" kapatid at kanilang kabiyak (Arnel at Gazel, Bernard at Betchie, Carlo at Lene, John-John at Aya, at Marlon), mabuhay kayo!

Hindi ko rin maaaring makalimutan ang mga ka-berks sa PCEC-National Youth Commission: Pastor Roni Astrologo, Roni Ragasa, Pastor Ali,

Pastor Denton, Ate Elsie, Pastor Efren, Pastor Ronel, Ate Alou, Alvan, Ethel, Nante, Sheila, Ate Hazel, Ate Anne, GV, Shao at Pastor Obet.

Pagbati rin sa mga kasamahan ko sa Institute for Studies in Asian Church and Culture (ISACC)—kay Ma'am Melba, Ate Alice, Ate Ayds, Ate Del, Ate Cathy, Pastor Rei, Pastor Jon, Pastor Bryan, Shane, Ren, Pao at Noel.

Nananatili akong matatag sa ministry dahil sa tulong ng mga staff ko sa college ministry, ang League of PALS (Fedelo, Charm, Allan, Nestor, Clarence at Carlaine) at high school ministry, Circle of Friends (Aruel, Jalou, Haziel, Daryl, Racquel, Ricky at Jimmy). Pagpalain kayo ng Panginoon!

Malaki rin ang utang na loob ko sa matiyagang editor ko, si Beng Alba at ang OMFLIT Publications Director, si Miss Yna Reyes, na nagtiwala sa akin para maisulat ang librong ito para sa kabataang Pinoy.

Higit sa lahat, forever grateful ako sa Panginoon sa pagbibigay sa akin ng pinakamaganda (walang aangal) at pinakamabait na ka-lovestruck sa buong mundo, ang aking one and only, endless love and dearest, Gigi. Now is the time to be cheesy. Mahal na mahal kita!

# Introduction

## Are you single, in a relationship, or "it's complicated"?

Ano pa man ang kalagayan ng iyong lovelife ngayon, it is my desire that this book can help you. Pero teka, uunahan na kita. Hindi kita bibigyan ng tips kung paano humanap ng BF o GF. Hindi naman ako anti-BF/GF relationship. Naniniwala nga ako na isa sa mga pinakamagandang bagay na puwedeng maranasan ng isang kabataan ay ang umibig at ibigin.

Nagsasagawa ako ng free seminar/workshops tungkol sa usaping pag-ibig para sa mga high school at college students. Talagang malaking isyu ang love sa buhay ng maraming young people. May mga pagkakataon na sila mismo ang nagbabahagi sa akin ng kanilang mga karanasan at nagtuturo sa akin ng mga common terms sa pakikipagrelasyon. Ang mga kuwentong mababasa

ninyo rito ay nanggaling sa kanila. Ang ilan naman ay nagmula sa mga surveys at pag-aaral na ginawa ko sa mga high school at college students.

O paano, baka naiinip ka na. Simulan na natin ang kuwentuhan.

chapter one

# In Love Ka ba Talaga?

MAHIGIT 90 PORSYENTO ng maririnig mo sa FM stations ay tumatalakay sa iba't ibang mukha ng pag-ibig—kinikilig sa unang crush, committed love, nabasted, iniwan ng minamahal, naglalasing dahil nagbreak-up at kung anu-ano pa. Kahanga-hanga rin ang creativity ng mga texters dahil sa kanilang mushy SMS na nagpapangiti sa mga hopeless romantics:

Pustiso ka ba? Coz I can't smile without you.

Dalawang beses lang kita gusto makita: Now and Forever.

Ipapapulis kita, kasi ninakaw mo ang puso ko!

Alam mo ba iyong mas magandang view sa front view, back view at side view? Iyong I LOVIEW!

Alam mo ba iyong mas magandang view sa front view, back view at side view? Iyong I LOVIEW!

Hindi rin matapos-tapos ang mga telenovelas na nagpapatingkad ng iba't ibang aspeto ng romantic love. Bawat taon ay may mga bagong love teams na titilian ng mga kabataan. Patok pa rin ang mga nobela at pocketbooks na bumibihag sa imahinasyon ng maraming naghihintay sa kanilang Prince Charming o Miss Universe.

Ngunit sa lahat ng ito, malalaman ba natin kung totoo o hindi ang pag-ibig na nararamdaman natin? Paano mo malalaman kung peke ang isang pera? Sagot: Kapag kabisado mo na ang itsura at kalidad ng tunay. May mga special marks ang genuine currency bills na hindi madaling magaya. Kung naramdaman mong magaan ang perang papel at parang mapusyaw ang kulay, magduda ka na. Ganundin, marami tayong inaakalang TL (True Love) ngunit PL (Pekeng Love) pala. Ang tanong ngayon: Paano mo malalaman kung TL ang nararamdaman mo? Tingnan muna natin kung ano ang mga PL.

## SEVEN SIGNS NG PEKENG LOVE

Nagulat ako sa isang shout-out sa Friendster ng isang 14-year-old boy: "Kahit ilang beses pa akong masaktan nang dahil sayo . . . di kita iiwan . . . di ako susuko. Kahit may 100 dahilan para iwan kita . . . hahanap pa rin ako ng isang dahilan para ipaglaban ka . . . ." Ang lalim! Parang "I will

do everything for you" ang drama. Sisisirin niya ang Pacific Ocean at aakyatin ang Mount Everest makasama lang ang mahal niya.

What many young people consider love may only be infatuation. Infatuation is an intense, short-lived and irrational passion for somebody. Madalas, apektado ang pag-iisip ng nakakaramdam nito. To further explain the qualities of infatuation, here are its seven major signs:

## The Axe-Effect

Sikat ang mga commercials ng AXE cologne sa buong mundo. Ang mensahe nito: Mababaliw at mahuhumaling ang mga babae sa mga lalaking gumagamit nito. Dahil sa bango ng AXE, nawawala sa sarili nilang bait ang mga babae at susundan kahit sa kailaliman ng dagat ang Adonis na gumamit ng mala-gayumang pabango. Pagdating sa pag-ibig, kalimitang nakatuon sa pisikal ang mga nakararamdam ng infatuation. Hindi lang sa amoy, kundi higit sa nakikita. Infatuation focuses on the physical traits. Nagustuhan dahil sa dimples, maputing balat, kasingkitan ng mata (lalo na sa mga nahuhumaling sa mga Korean boy bands), mapuputing ngipin o kaya ay dahil mala-Mark Herras sumayaw.

Nagugustuhan ng mga infatuated ang isang tao dahil sa kanyang piling mga katangian. Pero

dahil walang taong perpekto, makakakita sila ng ikadidismaya. Kabilang sila sa UY . . . AY Group. Sa mga boys: "UY ang ganda niya . . . AY may body odor pala!" Sa mga girls: "UY ang cute niya . . . AY bad breath pala." Matapos makita ang kahinaan at masamang katangian ng nagugustuhan, nawawala ang paghangang nararamdaman.

## The Kisap-Mata Complex

Infatuation starts and ends fast. Bakit? Kasi nagbabago ang nararamdaman ng mga infatuated ayon sa kondisyon ng emosyon nila. Sa simula, napakatindi ng spark ng pag-ibig. Laging may stars sa mata. Tatawirin ang isanlibong kabundukan, mapasaya lang ang minamahal. Magtatalunan ang mga hormones sa katawan at kayang ipagsigawan sa buong mundo na mahal na mahal niya ang kanyang partner. Pero matapos ang ilang araw o linggo, lubos na nakilala ang iniirog. Sasabihin sa sarili: "Hindi na siya ang dating nagustuhan ko. Nagbago na siya." Ang resulta: *Ayawan na! Ayawan na! Ayawan na!* Parang isang batang nakikipaglaro at kapag naasar dahil siya lagi ang taya, iiwan ang mga kalaro at uuwi ng bahay. Ang mga infatuated, kapag hindi na nagi-enjoy, unti-unting mawawala ang interes sa relasyon.

### The Crazy-for-You Syndrome

Infatuation can make a person disorganized, distracted and ineffective. Sabog ang isip mo. Kapag infatuated ka kasi, halos lahat ng tingnan mo, feeling mo naroon siya. Tumingin ka sa langit, mukha niya ang makikita mo sa ulap. Kumain ka sa canteen, ngiti niya ang nakikita mo sa pinggan mo. Hanggang sa kalye, mukha niya ang naaaninag mo sa billboards at posters. In short, hibang na hibang ka. Hindi mo na iniintindi ang mga nasa paligid. Ang mahalaga sa iyo ay lagi kang masaya.

Kumain ka sa canteen, ngiti niya ang nakikita mo sa pinggan mo.

### Just-The-Two-of-Us Feeling

Infatuated people often isolate themselves from others. Umiikot ang buhay ng magkasintahan sa kanilang dalawa lamang. Walang makapaghihiwalay sa kanila. Kahit saan magpunta, laging magkasama at HHWWPSSP (Holding Hands While Walking Pa-Sway-Sway Pa)—sa school, sa mall, sa park, sa pagbili sa tindahan, kahit minsan sa pagpunta sa CR. They tend to lose interest in things that used to motivate them. Binitiwan na kasi nila ang dating pinagkakaabalahan at nakatuon na lamang sa karelasyon. Hindi na napapansin at nabibigyan ng sapat na atensyon ang mga ibang mahal sa buhay. Kung dati-rati'y

laging present sa mga family affairs, ngayon kailangan pang itanong sa BF/GF kung pwede siyang sumama. Dahil meron nang beloved, hindi na rin madalas sumasama sa activities ng dating mga kabarkada.

### The-Need-You-Here Sickness

Kung peke ang pag-ibig, madali itong mawala kapag magkalayo ang mag-partner. Mababaw ang pundasyon ng relasyon dahil nakatuon sa pisikal na aspeto. Kapag hindi na nakikita, nahahawakan o nakakausap ang partner, unti-unting manlalamig ang damdamin hanggang sa mawalan na ng interes. Pero ang tunay na pagmamahal ay hindi kayang patayin ng distansya. Kahit ilang taon pa kayong hindi nagkita, kung talagang tunay ang inyong nararamdaman, gagawin ninyo ang lahat para mapanatili ang pagtingin ninyo sa isa't isa.

### "Kung-Ayaw-Mo, Huwag-Mo" Problem

Madaling nasisira ang relasyon ng mga infatuated sa mga simpleng away at tampuhan. Dahil laging may LQ (Lover's Quarrel), unti-unting natutuyo ang damdamin. Nag-aaway dahil hindi magkasundo sa maliliit na bagay (e.g. hindi tinext, hindi nagustuhan ang gupit ng isa o nakalimutang magsabi ng "I Love You"). Ang mga

hindi pagkakaunawaan ay dahil sa pagiging self-centered. Sa isip ng bawat isa: *Ako muna bago ikaw!* Hindi rin maiwasan na makapagbitiw ng masasakit na salita. Pagkatapos ng away, parang mga batang magbabati. Pero sa halip na mapatibay ang relasyon, unti-unting nanlalamig ang damdamin sa bawat isa. Ang laging pag-aaway ay tanda ng lumalaking lamat sa relasyon. Kung gusto nang makipag-break ng isa sa kanila, no big deal.

### Akin-Ka-Lang Attitude

May pagka-possessive ang mga infatuated. Ayaw na ayaw na mawala sa paningin nila ang kanilang partner. Jealousy becomes part of the relationship. Natatakot kasi na mabaling ang atensyon ng partner sa iba. Parang sinasabi sa ka-partner: "Gusto kong lumigaya ka, pero huwag ka nang titingin sa iba. Kailangan ako lang sa buhay mo." Hindi lang tao ang pinagseselosan. Kahit ang mga bagay o gawain na umaagaw ng atensyon ng partner, pinagdidiskitahan din.

## TOTOO BA ANG LOVE AT FIRST SIGHT (LFS)?

Naniniwala ka ba dito—iyong sa unang tingin mo pa lang sa kanyang mga mata, mahal mo na siya? Iyong parang naka-jackpot ka sa lotto at

napasigaw ng EUREKA! (translation: I've found it!). Tingnan natin ang dalawang kuwento.

## Searching for the New York girl of his dreams

A hopelessly romantic story swept the Internet in 2007. Isang 21-year-old New Yorker, si Patrick Moberg, ang gumawa ng website, www.nygirlofmydreams.com para matagpuan ang isang mystery girl na nakita niya isang umaga sa New York subway station. Dahil sa napakaraming tao sa lugar, nawala ito sa kanyang paningin. He said in an interview that he was mesmerized by the beauty of the lady who was "wearing blue tights, blue shorts and a flower in her hair."[1] Ilang araw ang nakalipas, lumantad ang isang dalaga—ang 22-year-old Australian magazine intern na si Camille Hayton. Marami ang nag-abang kung ano ang susunod na kabanata ng kanilang love story na nagsimula noong November 2007. Naging tahimik ang kanilang samahan sa loob ng ilang buwan hanggang sa muling na-interview si Camille noong February 2009. Sinabi nitong wala na silang relasyon ni Patrick simula pa noong July 2008. Dalawang buwan lamang nagtagal ang kanilang relasyon.

Ang kinahantungan ng relasyon ni Patrick at Camille ay nagpapatunay na hindi totoo ang LFS.

Ang malinaw, may Attraction at First Sight (AFS), hindi LFS. Ayon sa kuwento, si Patrick lang ang nabighani kay Camille. Pinagbigyan lang ni Camille ang pagkakataon pero wala siyang nakitang dahilan para ipagpatuloy ang relasyon dahil hindi sila compatible. In one interview, Camille hinted that Patrick was good at "emailing" but might be lacking in some other areas of communication.

All love starts with a sense of attraction or liking—physical, spiritual, intellectual or emotional. Pero hindi lahat ng pagkagusto ay masasabing tunay na pag-ibig. Kailangan muna itong suriin at subukin. Mapapatunayan lamang na tunay ang pag-ibig sa paglipas ng panahon. Like a potted plant, it needs to be watered, cultivated and nurtured para maggrow. Kailangang malampasan din nito ang mga pagsubok para masabing totoo.

All love starts with a sense of attraction or liking—physical, spiritual, intellectual or emotional.

## He waited for fourteen years for a "Yes"

If you want a case study of true love, read Genesis 29. Doon mababasa kung paano pinatunayan ni Jacob ang pagmamahal niya kay Raquel. Masasabi kong nagustuhan na ni Jacob si Raquel unang beses pa lang niya itong nakita. Sa sobrang tuwa,

naiyak pa siya nang una niyang halikan ang dalaga sa pisngi. Normal lang sa mga tao noon na maghalikan bilang pagbati. Pero kakaiba ang halik ni Jacob. May FEELINGS! Nabighani siya kay Raquel kaya sinabi nito na maglilingkod siya sa ama ng babae na si Laban (na kanyang tiyuhin) nang pitong taon, mapangasawa lamang niya ang dalaga. Ang paglilingkod ni Jacob ay katumbas lamang ng ilang araw dahil sa lalim ng pag-ibig niya kay Raquel.

Pero nagkaroon ng twist ang love story. Nang matapos ang pitong taong paglilingkod ni Jacob, nilinlang siya ni Laban. Naghanda si Laban ng isang piging para sa kasal. Pero ang hindi alam ni Jacob, si Lea, ang nakakatandang kapatid ni Raquel, ang pinasiping ni Laban sa kanya. Maliban sa madilim nang una silang magsiping, noong panahong iyon, may piring din sa mukha ang babaeng papakasalan, kaya hindi nakilala ni Jacob ang babaeng pinasiping sa kanya.

Nagalit si Jacob sa nangyari. Pinaliwanag ni Laban na, ayon sa kanilang kultura, kailangang maunang mag-asawa ang nakatatandang babae. Kung gustong mapangasawa ni Jacob si Raquel, kailangan daw nitong maglingkod ng pito pang taon. Dito pinatunayan pa ni Jacob ang tibay ng kanyang pagmamahal. Walang reklamong naglingkod muli siya kay Laban at makalipas

ang 14 na taon (whew!) ay napangasawa niya si Raquel na nagluwal ng kanilang anak na sina Joseph at Benjamin.

Kaya mo bang maghintay ng ganoon katagal para patunayan ang pag-ibig mo sa iyong minamahal? May isang dakilang mensahe ang Jacob-Raquel love story—hindi kayang baguhin ng anumang paghihirap at pagsubok ang tunay na pag-ibig. Pero kung napa-wow ka na sa kuwento nila, alam mo bang may mas titindi pa diyan? Tingnan natin sa susunod na kabanata.

Kaya mo bang maghintay ng ganoon katagal para patunayan ang pag-ibig mo sa iyong minamahal?

Good News TranslationÂ® (Todayâ€™s English Version, Second Edition) Copyright Â© 1992 American Bible Society. All rights reserved. Bible text from the Good News Translation (GNT) is not to be reproduced in copies or otherwise by any means except as permitted in writing by American Bible Society, 101 North Independence Mall East, FL 8, Philadelphia, PA 19106 -2155 (www.americanbible.org). English Version Contemporary English Version 1995 Coverdale Miles 1535 Bible Douay Rheims Bible (DRB 1899) Douay-Rheims version of The Bible - 1752 version Douy-Rheims Bible Challoner Revision Hebrew Names version (HNV) Jubilee Bible King James 3 - The Literal Traslation Lexham English Bible 2012 New Heart English Bible (YHWH Sabaoth Edition) New World Translation of The Holy Scriptures Orthodox Jewish Bible Revised Version.Â  Scriptures marked as "(GNB)" are taken from the Good News Bible â€“ Second Edition Â© 1992 by American Bible Society. Used by permission. visit: www.americanbible.org. Was this article helpful? Yes. No. The Good News Bible is a new translation which seeks to state clearly and accurately the meaning of the original text in words and forms that are widely accepted by people who use English as a means of communication. We'll send you an email with steps on how to reset your password. Paperback - Full Color. The E-mail message field is required.Â  The American Bible Society is an interdenominational, non-profit, donor- supported ministry whose mission is to make accurate and affordable translations of the Bible available to everyone. You may send this item to up to five recipients.Â  Good news Bible : Today's English version. Search the Large Print Reviews Website site search by freefind. Finding libraries that hold this item HarperCollins US titles are already in the library. American Bible Society. Publication date. 1976. Topics. Bible. Publisher. New York : American Bible Society. Collection. inlibrary; printdisabled; internetarchivebooks; toronto.Â  Language. English. "The basic text for the Old Testament is the Masoretic text printed in Biblia Hebraica (3rd edition, 1937) for the New Testament is the Greek New Testament published by the United Bible Societies (3rd edition, 1975)." Old Testament -- New Testament -- Chronology of the bible -- Maps-- Map index -- Subject index. Presents modern translations of the Old Testament as printed in Biblia Hebraica, and the New Testament as printed in the Greek New Testament. Access-restricted-item. true.